

CHAPTER *One*

“*W*hat the hell are you two doing here?” salubong ang mga kilay na tanong ni Brody kina Beckett at Vin, na naabutan niyang nag-a-assemble ng shelf at nagba-vacuum ng carpet. Amoy pintura pa ang bagong opisina nila, lalo tuloy siyang hiningal.

Tinakbo rin kasi niya mula sa parking area sa harap hanggang paakyat sa second floor ng bagong gawang branch ng *Sean and Cody's* sa loob ng isang middle-class village sa Quezon City. Relaxed pa man din ang pag-alis niya sa bahay na five blocks away lang, pero bigla siyang natensyon nang makita ang naka-park na mga sasakyan ng dalawang kaibigan.

“Uh, because it's our office? Our business, too?”

nakangising sagot ni Vin na inihagis ang canister ng air mist sa kanya, na bahagya lang niyang nasalo.

“I know. Pero alam n’yo din na kaya kong gawin lahat ’yan,” aniya na napabuntong-hiningang iginalala ang tingin sa opisina. Maayos na ang desk niya sa dulo, pati ang nakabukas na maliit na washroom sa kabilang sulok. There’s a sectional couch on another corner, and a dining set for four by the window. Katapat niyon ang mga paglalagyan ni Beckett ng ina-assemble na mga shelf at ng TV.

“Kaya mo pero distracted ka naman at hati ang focus mo,” Beckett smiled wryly before he stood up and tested the screws on the shelf.

“At bago mo sabihing may main branch tayo sa *Rockwell* na dapat naming intindihin, may we remind you that we have a very capable staff?” In-unplug ni Vin ang vacuum cleaner. “Anyway, we’ve been here since before seven to get things ready. Darating anytime now ang bagong supplier at partner natin.” Mataman siya nitong tiningnan. “You do know that, right?”

Brody blinked. *Shit, ngayon nga pala ’yun!*

Sina Beckett at Vin ang humanap at nakipag-deal sa bago nilang supplier ng mga organic vegetables, spices, corn, at brown rice. Ayon sa

supplier ay handa nitong ibaba ang presyo kapalit ng pagkakaroon nito ng shares sa kompanya nila. Ang binuong kompanya nila ng dalawang kaibigan over five years ago ang may-ari ng isang poultry farm sa Batangas at fishpond sa Laguna, ang organic market and café na *Sean and Cody's* sa *Rockwell Power Plant Mall* at itong bagong tayong branch nila na siya ang mamamahala.

Ang pangalan ng mini market and café ay galing sa pangalan ng unang mga kambing at baka ng pamilya ni Beckett na may ranch sa Zambales, na nag-introduce sa kanila sa organic concept noong nasa college pa sila.

“You were too occupied to remember,” Vin stated matter-of-factly. Napailing ito. “Ginusto mo ’yan, bro. Nasabi na namin ang dapat. Bahala ka na. Pero huwag lang sana itong makaapekto sa negosyo. Technically, magsisimula ka ulit dito, and we won’t always be around.”

Napatango lang si Brody habang tahimik na pinapaalalahanan ang sarili na umayos na. He might want a certain something at the moment, but he had other things going on in his life. Hindi siya dapat magpabaya.

“And she just texted.” Itinaas ni Beckett ang

cellphone nito bago lumapit sa bintana. “Siya na yata itong parating.” Tumingin ito sa kanya. “Pakisalubong na lang, since kayo naman ang magma-manage dito. She might need help with stuff, nagdadala daw ng samples ng meal sets sa isa pang business niya.” He then smiled conspiratorially. “And she’s hot.”

“And weird.” Napailing uli si Vin pero nakangiti. “But yeah, hot. Chinchin Orozco is gorgeous, man. Get on it!” Mahinang sinuntok nito ang balikat niya habang hindi makapaniwalang nakatingin siya sa dalawa.

Chinchin? “What does she look like?” kunot-noong tanong niya. “At kailan na-finalize ang deal n’yo?”

Nagkatinginan ang dalawa bago napangisi.

“Hmm... four days ago? She met us at the *Rockwell* office. N’ung sinabi mong hindi ka makakapunta kasi may prior appointment ka? Pinirmahan mo lang ang mga kontrata the day before.” Umangat ang isang kilay ni Vin. “May problema ba?”

“But the contract didn’t say... Oh, shit!” Napailing siya.

“Cynthia Kristin Orozco. Or Chinchin. You’ve met her before?” tanong ni Beckett.

“What does she look like?” ulit niya.

“Why don’t you just find out for yourself?”
Sumilip uli si Beckett sa bintana. “Ayan, nagpa-park na. What’s going on, bro?”

Napabuga ng hangin si Brody bago tinalikuran ang dalawa at lumabas na ng opisina, derecho sa hagdanan pababa.. *Chin Chin* lang ang nakalagay na pangalan sa *Facebook* profile ng babaeng nag-post ng status na ilang araw nang gumugulo sa tahimik niyang buhay. He was surprised his friends hadn’t bugged him about it yet.

Pero simula nang kumalat ang post na iyon ay wala nang ibang itinanong ang mga nakakakilala sa kanya kundi, “Nagkita na kayo ni *Chin Chin*?”

Hindi pa, at wala sana siyang balak makipagkita rito hanggang maaari. Hanggang sumuko na ang babae sa paghahanap at irespeto na lang ang kagustuhan niyang manahimik. Pero kung ang *Chin Chin* sa *Facebook* na naghahanap sa kanya at ang bagong kasosyo nila ay iisang tao lang, paano na?

He braced himself for the worst as he descended the stairs. Habang palapit sa side door ay naririnig na niya ang komosyon sa labas.

“Hay, naku! Kaya ko na nga, eh. Sanay akong magbuhat ng mabibigat, ’no!”

“Eh, Ma’am, baka malintikan kami kina Sir pag nalamang hindi ka namin tinulungan.”

“Don’t worry, ako ang magpapaliwanag. Teka, ilan ba kayo dyan? Lima?”

Lumabas na ang binata at naabutang may iniaabot na patas ng limang plastic containers at isang paper bag si Chinchin—the very same woman he met last week who posted that *Facebook* status, and apparently, the new co-owner of *Sean and Cody’s*. Napapikit siya kasabay ang paghinga ng malalim.

“Gawa ko ’yan at baka kasali din sa ititinda natin dito. I-try n’yo lang at sabihin sa ’kin mamaya kung masarap, okay?” Tumango ang staff ng café. “Good, sige na, balik na sa trabaho.”

Sunud-sunod ang tangong bumalik na sa pag-aayos at paglilinis sa loob ng main store ng *Sean and Cody’s* ang mga tauhan niya. Sandaling inayos naman ni Chinchin ang buhok at ang damit nito bago niyuko ang dalang eco bag at bubuhatin na sana iyon, pero gaya ng sa una nilang pagkikita ay naunahan niya ito.

“Ako na, parang ang bigat na niyang bag mo.” Salubong ang mga kilay na tumingin si Brody sa tote bag nito na mukhang maraming laman.

Chinchin just stared at him in awe and disbelief. Parang natulala na ito. Parang nakakita ng multo o alien pero natuwa pa. Her eyes were practically like sparkling hearts. He didn't think the heart eyes emoji could be this real.

And that it wouldn't be easy to take his gaze off her. *Damn it! Gaze?*

Sumakit ang leeg niya nang agad siyang mag-iwas ng tingin at naglakad na uli papunta sa side entrance. Dere-derecho siya sa hagdanan.

“Oh, my God, it's you! I can't believe it!” sabi ni Chinchin mula sa likuran niya kasabay ang tunog ng sapatos nito.

Me, too, he thought, taking two steps at a time now.

“Dito ka rin nagwo-work? Wait, kilala mo sina Beckett at Vin?”

Hindi siya sumagot, tuloy lang sa pag-akyat. He could always just answer with a scoff or tell her with his eyes that she wasn't quite welcome, but right now he was busy trying to figure out why on earth his heart practically raced.

His body was used to constant activity. What he's not used to was this feeling—he's nervous. Or excited. Or maybe just adrenaline rush.

At nag-umpisa iyon sa sandaling nakita niya ang babaeng medyo afro na nakasuot ng makulay na bestida at sapatos na kaya sigurong pumatay ng sampung ipis sa isang hampas lang.

“Mabigat ba? Sorry, akin na nga ’yang isa—Aww!”

Sa pag-iwas niya ng isang braso para hindi makuha ni Chinchin ang dala niya ay sumama ang babae, dahilan para halos mapayakap ito sa kanya habang napasandal naman siya sa nakabukas na pinto ng opisina nila.

“Yikes, sorry!” Nag-peace sign ito bago maingat na lumayo sa kanya. “Ang bango mo pa rin!” Napangisi ito.

“Saan at paano kayo nagkakilala?”

“Kailangan na ba naming umalis?”

Pinaningkitan lang niya ng mga mata ang dalawang kaibigan at tumuloy na sa loob ng opisina. Ipinatong niya sa mesa ang mga eco bag bago ipinatag sa pantalon ang mga kamay.

“I’m Chinchin Orozco.” Nakangiting iniabot ng bagong partner nila ang kamay nito.

Wala na siyang choice kundi tanggapin iyon. “Brody Medeiros,” pormal na sagot niya, at agad binitawan ang kamay nito.

Nanlaki ang mga mata ng kaharap niya. “You’re Brody Medeiros, as in ‘yung laging absent sa mga meeting at ikaw din ang nagligtas sa ‘kin last week!”

Shit! “Yeah, so?” he gruffed. “At kailangan ba talagang manawagan ka sa *Facebook* para ipahanap ako? May kasama pang sketch?”

Napakurap ang babae, agad namula. “Uhm... I’m so sorry! A-ako lang ang gumawa ng sketch na ‘yon. I just drew from memory, from what I saw of you before I completely passed put. ’Tapos ipinakita ko din sa mga taga-*Saint Martin’s* para mas accurate. Pasensya na kung.. p-pangit ang drawing ko.” Napangiwi ito.

Brody just stared at her. Was this woman for real? Mas inakala nitong may problema siya sa drawing nito? Hindi rin niya inasahan iyon, na si Chinchin mismo ang nag-sketch sa kanya. It was amazingly accurate, parang photocopy ng mukha niya.

Pati mga tauhan at suki nila sa *Rockwell* ay tinatanong siya tungkol kay Chinchin. Maging ang pamilya at mga kaanak niya sa probinsya at ibang bansa na abot ng viral post na iyon. Pati si Tish, nakita iyon. Imposible ring hindi ito alam nina Beckett at Vin, na nang balingan niya ay amused na mga nakamasid lang.

“Ikaw ’yung Chinchin na naghahanap sa kanya sa *Facebook*?” excited na tanong ni Beckett.

“Ang layo kasi ng shot mo sa profile picture mo d’un na katabi ang kalabaw sa bukid. Nakasalakot ka pa, hindi gaanong kita ’yang buhok mo.” Hinawakan pa ni Vin ang buhok ng babaeng medyo afro.

Natawa lang ito. “Hindi kasi type ng kalabaw at baka sa ’min ang hair ko kaya tinatakpan ko. Anyway...” Tinapik nito ang braso niya. Napaigtad siya. Nagpatuloy si Chinchin, “So, I fainted last week at the *PSSC* parking lot and Brody saved me. As in, sa lawak ng *PSSC* grounds at sa dami ng puno at halaman, mahirap akong mapansin agad kahit ng roving guards.

“Kung hindi niya ’ko nasalo, baka ulo ko ang napuruhan at lalo pang ma-damage ang brain ko,” she grinned. “Thanks to him, steady na sa ganitong level ang pagka-weird ko.” Then she turned to him, “Thank you, Brody. Really, I owe you my life.”

He sighed. “Yeah, wala ’yon.”

“Siguro para sa iyo, wala lang. But for me, it’s...” Bumuntung-hininga din ito. “If there’s anything I can do to—”

Nahilot ni Brody ang kanyang sentido. “Pakibura lang ’yung post mo sa *Facebook*.” Hindi siya sanay

na maging sentro ng atensyon o iyung masyadong ina-acknowledge sa isang bagay na wala lang naman sa kanya. He and his family didn't have an easy life when he was a kid, but his parents taught him well.

Helping others in whatever way he could was something that he did on a regular basis as he grew up. Kahit pagbubuhay lang ng pinamili ng mga kapitbahay nilang matatanda o pagbibigay ng pagkain sa mga aso o pusang kalye, ginagawa niya. Parang iyon ang paraan ng pagbabalik niya sa kabutihang ipinakita ng iba noong hirap na hirap sila.

Parang compulsion na niya iyon, balewala na rin sa kanya kung makatanggap ng pasasalamat o hindi. He usually would extend whatever help he could, then move on. Sanay na rin sa ganoon ang mga nakakakilala sa kanya.

Higit sa lahat, payapa ang buhay niyang napapaligiran ng mga taong nirerespeto ang kagustuhan niyang manahimik. Kaya hindi talaga niya gusto ang panawagan ni Chinchin.

“Ayan, binura ko na,”

Napakurap siya. Matamang nakatingin si Chinchin na hawak ang cellphone nito, medyo nangungunot ang noo. She looked rather sexier

when she's not smiling at all. *Wait, what the...?*

“I deleted the whole status and posted that I already found you and I was able to thank you personally. Sa tingin ko, fair lang iyon dahil may mga naghanap din sa iyo. Sorry kung nagulo kita,” mahinang sabi ng dalaga bago niyuko ang mga eco bag at inilabas ang mga laman. Paper containers and plastic bottles and utensils. Inayos nito ang mga iyon into sets of three.

Tahimik ang buong opisina. Lahat ay nakatingin sa babae at tila nagpapakiramdaman. Paminsan-minsan ay napapatingin sa kanya ang mga kaibigan niya na parang may kasalanan siya.

Part of Brody felt guilty now, and he didn't know why because he didn't think he said anything wrong. Nagpakatotoo lang siya. Kung magkakatrabaho sila ng babaeng ito ay dapat nitong malaman kung sino at ano siya.

“Okay, let's start?” Nakataas ang isang kilay na tiningnan sila isa-isa ni Chinchin bago iminuwestra ang mga upuan. She then took out her laptop from her bag, pressed on the power button and faced them again. “Yang nasa harap n'yo, around sixty percent of the ingredients were from our farm. The rest were sourced from other organic farms. Simulan natin

d'yan sa breakfast burrito..”

And off she went with her presentation, discussing facts, figures and trivia in such an eloquent and precise manner. Hindi formal pero hindi nakaligtas kay Brody na parang nabawasan ang excitement sa boses nito at ang kislap sa mga mata. And this woman was about to become a regular fixture in his life from now on.

CHAPTER *Two*

Eight days ago...

The first thing he noticed was the hair. Kaunting alsa na lang at papasa nang afro, pero sa ngayon ay parang iyong usong buhok ng mga 80s o 90s pop stars na nakikita sa mga lumang music videos.

Nauuna ito nang ilang metro sa kanya. Kalalabas pa lang niya sa main building ng *Philippine Space Science Center* kung saan nakipag-meeting siya sa kaibigan at kaklase noong high school na si Carl. Mukhang galing naman sa isa sa mga annex buildings ng *PSSC* ang babaeng medyo afro, na gaya niya ay binabagtas ang tree-lined path papunta sa parking area paglampas ng malawak na park and

garden. Bukod sa mga puno ay may mga lamp posts din sa dinadaan nila, na hinihintuan lagi saglit ng babae na parang pagod na pagod.

And that's the second thing he noticed. She didn't seem well. Isang medium-sized sling bag at isang eco bag na parang wala namang laman ang dala nito. She wore a short floral dress and a pair of sneakers. She looked comfortable enough, but she's been walking slowly and stopping every other minute. Kaunti na lang ay maaabutan na niya ito. Kinapa niya ang phone sa bulsa ng pantalon. Tatawagan niya si Carl just in case.

Minasdan niya uli ang babae na nakahinto at nakakapit uli sa isang poste. Nakayuko ito at parang nakalapat ang isang braso sa tiyan. *Damn, is she pregnant?* Binilisan pa niya ang lakad, na kasabay ng paggalaw ng babae sa isa nitong binti na parang nangangalay, dahilan para lumuwag at maalig ang sapatos nito.

“Oh, no! Ano ba naman...” narinig niyang mahinang sabi nito. Inalis nito ang kamay sa tiyan at maingat na yuyukod pa sana para kunin at isuot ang sapatos, pero naunahan na niya ito.

“Let me,” sabi niya at naupo sa gutter. Tiningala niya ang babae at itinuro ang paa nitong walang

sapatos. She wasn't pregnant. Her tummy was quite flat, actually.

"Huwag na," she hiccuped as she waved a hand at him. Medyo malat ito. "Kaya ko na 'yan," Hinawi nito ang buhok. Napapikit ito nang mariin. "Shit!"

Brody blinked. The girl had a pretty face; parang artista noong 1940s or 1950s. "Kaya pa?"

Nasapo nito ang noo, nakapikit pa rin.

Nailing na maingat niyang hinawakan ang binti nito para maisuot ang sneaker. Inayos niya ang sintas niyon pati ang sa kabilang paa bago siya tumayo.

"Thank you," the woman breathed before she slowly walked away again. Mabagal pa rin at parang pinipilit na lang. Sumunod siya rito. "I'm fine," mahinang sabi nito.

"Okay, that's good. Pero papunta din ako sa parking." Napangiti siya, isang bagay na hindi niya masyadong ginagawa lately. It kind of felt weird now.

"Sorry," sagot nito na hindi siya nililingon.

He just shrugged, but kept his watch until they both reached the parking area. This time, sa ilang naka-park na sasakyan naman humawak ang babae na buti na lang at hindi masyadong sensitive ang alarm. Kinuha rin nito sa dalang bag ang susi marahil ng sasakyan nito. Paano ito magda-drive sa

ganitong kondisyon? She's obviously not well.

Kukunin na sana ng binata ang cellphone at tatawagan si Carl, pero huminto na sa tabi ng isang SUV ang babae at napasandal doon. Gumalaw ang isang kamay nito na may susi, pero tila bumigay iyon at nabitawan ang hawak kasabay ang literal na pag-collapse nito.

Damn it! He was quick enough to catch her in his arms. Maputla na ito at malamig ang leeg at noo nang hawakan niya. "Miss? Naririnig mo ba 'ko? Miss?"

She was unresponsive, but her breathing was shallow. Napabuga siya ng hangin. By this time ay nakakulong na siguro sa laboratory si Carl at hindi na papasok ang tawag niya. Kinuha niya ang susing nahulog at binuhat ang walang malay-tao na babae sa sasakyan niyang katabi lang ng SUV nito.



It's the second day of her period and it's been giving her hell since she woke up. Uminom naman siya ng gamot at naibsan ang dysmenorrhoea niya, kaya nagawa pa niyang mag-drive papunta sa sampung customers na hinahatiran nila ng healthy, organic meal sets simula kaninang past six ng umaga.

May trangkaso ang isang driver-delivery man niya kaya hindi na niya pinapasok. Wala namang naging aberya sa pagde-deliver niya hanggang sa makarating dito sa PSSC na huling destinasyon na niya. It must be the long walk from the parking area, or the already scorching early summer heat, she just started feeling the searing pain and dizziness all over again. Parang hinihila na lang niya ang sarili papunta sa kanyang sasakyan. Hindi niya alam kung paano magda-drive. She couldn't even think or see clearly.

But she knew Prince Charming a. k. a. the man who helped put on her shoe had a sexy voice. Mabango rin ito, iyong amoy na fresh at malinis. Mainit ang kamay na humawak sa binti niya. Hindi niya gaanong nabistahan ang mukha nito dahil sa nanlalabo na niyang tingin. Hindi na nga niya alam kung ang puson o ang ulo niya ang masakit.

Pero umaasa pa rin siyang bubuti ang pakiramdam pag nakaupo na siya at mas komportable sa sasakyan. Sana.

Kaya lang ni hindi na niya mahawakan ang susi. Bumagsak iyon sa semento at parang trigger sa kanya dahil naramdaman din niya ang unti-unting pagbigay ng mga tuhod at paggaan ng ulo kasabay ang pagdidilim ng paningin. *Oh, my God!* Iginalaw

niya ang isang braso para kumapit sa kung saan, nasisiguro niyang sa semento ang bagsak niya.

Sa halip ay naramdaman niyang may mainit na sumalo sa kanyang likod. Mainit na mabango at may magandang boses.

Familiar? She tried to open her eyes, and move her mouth to speak. A man looked at her, his brows furrowed and his beautiful eyes looked worried. Sana kaya pa niyang idilat ang mga mata para mas mapagmasdan ito.

Sinubukan niya, pero kahit iyon ay hindi na niya kaya. Yet she knew that what she saw was someone she's not bound to forget for a long time.



“Sir? Buntis po ba ang misis n’yo?”

Brody blinked. *Asawa? Buntis? Paanong...?*

Ilang segundong nakatitig lang siya sa nurse na nag-asikaso sa babae nang maihiga ito sa isang kama sa emergency ward. May kinawayan itong doktor, na huminto muna para tingnan ang nadaanang matandang babae na nakaupo sa wheelchair bago dumerecho sa kanila.

“She’s not... I don’t...” he sighed. “She’s not my wife. Hindi ko siya kilala. Magkatabi ang sasakyan naming naka-park sa grounds ng PSSC. Magkasunod

kaming naglalakad at napansin kong nahihilo siya. She collapsed as she was trying to get into her car,” paliwanag niya, sabay taas ng susi.

Napatangu-tango lang ang mga kaharap niya. “Tumama po ba ang katawan o ulo niya sa kung saan nang mag-collapse siya?” tanong ng doktor na tinitingnan ang vitals ng babaeng wala pa ring malay. Itinaas nito ang isang braso at nakitang may maliliit na pasa roon.

“Shit, hindi ko napansin ’yan kanina! Is she okay?”

“It’s more likely fatigue but we will check. Medyo mataas ang temperature niya,” sagot ng doktor na may isinenyas sa isa pang nurse.

“Ano ba’ng dapat gawin, Doc? Tests or whatever. Can you give an estimate? And also for a room so she can rest here for a night at least? Iiwan ko na lang ang bayad dito, ’tapos babalikan ko ’yung auto niya at ipapahatid dito. Kayo na ang bahala sa kanya, okay?”

Nagkatinginan ang mga kausap niya bago sinabi ang mga dapat gawin. Just a checkup, a complete blood count, and a room. Brody left enough money then headed out to get the woman’s car. Matapos ang halos isang oras pagbalik sa hospital ay naabutan niyang ililipat pa lang sa pribadong kuwarto ang

babae na wala pa ring malay. Nakuhanan na raw ito ng dugo.

“Here are her car keys, and the parking ticket.” Inihulog niya iyon sa kahon na pinaglagyan ng nurse ng mga gamit ng babae. “Okay na? May kailangan pa ba siya?”

“Ah, sir, ano po’ng pangalan n’yo—”

“No need. Hindi na importante,” iling niya at nagsimula nang maglakad palayo. “Just tell her to take better care of herself when she wakes up.” Bahagya siyang ngumiti, sumaludo, at halos tumakbo na papunta sa elevator.



Four days after...

Gorgeous Prince/Knight in a blue shirt is real!

Hello, friends. I have here a sketch. As in 'yan po ang itsura ng guwapong lalaking tumulong sa 'kin nang himatayin ako sa parking area ng PSSC last Friday. Hindi ako puwedeng magkamali, ganyan talaga ang itsura niya. I'll never forget those sexy pouty lips. Dinala niya ako sa hospital at siya ang nagbayad ng lahat, in cash. Almost four thousand ang bill ko, mga bes. Ayaw din daw

magpakilala, sabi ng doctor at nurses sa Saint Martin's. Hindi rin maintindihan ang pirma niya sa resibo. Imposible namang 'Not Applicable' talaga ang name niya, di ba?

Binalikan din niya ang auto ko sa PSSC at dinala sa Saint Martin's. Binilinan din daw niya ang nurse na sabihin sa 'kin to take better care of myself'tapos umeskapo na. I brought this sketch to the hospital earlier to have it verified by the nurses and doctor. Siya nga! As in sakto!

Kaya nananawagan po ako sa kung sino man ang nakakakilala sa kanya at kung saan ko siya puwedeng puntahan. Please send me a private message here or email ck22_delish@gmail.com. I just want to thank him personally. Please?

And maybe if he's single, maybe get to know him more, too. Baka siya na talaga ang hinahanap ng puso ko. Charot! No, seriously. Salamat pouxzh!

“Seryoso ka, Chinchin?” nanlalaki ang mga mata ni Julius nang ipakita nito sa kanya ang screen ng cellphone. It was her last *Facebook* status, asking for any information about the man who came to her rescue four days ago.

“Para bang nag-jo-joke ang tono ko sa post? Ie-edit ko ba?” Inilagay niya ang pinamiling tig-dalawang summer dresses at rompers at isang set ng swimsuits sa counter. Anniversary sale ng *Summer Forever*, ang casual clothing store ni Julius, isa sa pinakamalalapit niyang kaibigan. Pasado alas dos ng hapon at relaxed ulit ang pasok ng mamimili.

“Ie-edit? I-delete mo kaya! Ano ka ba? Kailangan talagang manawagan?” Her friend rolled his eyes adorned by sparkly blue fake eyelashes.

“How else would I know who he was? Hindi siya kilala ng mga customer ng *Delish* sa PSSC. Tinanong ko ’yung guards d’un, pero hindi rin ako matulungan. There were almost a hundred entries in their visitor’s log book that morning, na ang hirap i-check dahil walang contact info. Nasa conference sa Japan ’yung mga posibleng pagtanungan ko at next week pa ang balik. Lalong walang alam ’yung mga taga-*Saint Martin’s*, kaya nga binigyan ako ng kopya ng receipt baka sakaling makatulong sa akin.” Bumuntung-hininga siya.

“Ayaw ngang nagpakilala, di ba? Bakit ipipilit mo pa?” Mataman siyang minasdan ni Julius. “O baka dahil guwapo? Mabango? Matipuno? According to you, at least?”

“Also according to at least two doctors and three nurses at *Saint Martin’s*,” Ngumiti siya at nagbigay ng tatlong five hundred peso bills sa cashier ni Julius.

“So, may plano ka rin palang lumandi, gan’on? Paano kung may *jowa* na? Paano kung kadugo ko ’yon?” Tiningnan muli ng kaibigan niya ang sketch sa *Facebook* post niya. “Gosh, huwag sana! Sayang.”

Napangisi ang dalaga. “Kaya nga kailangan ko siyang mahanap, di ba? Kumusta ang comments? May lead na ba?”

Umiling si Julius. “Wala pa. Puro suporta sa kagagahan mo ang nandito.” Tinapik siya nito sa braso. “Girl, pag nahanap mo siya, huwag masyadong ano, ha? Relax lang, huwag masyadong excited.”

Ilang sandaling minasdan niya ang kaibigan. Alam niya siyempre kung ano ang gusto nitong sabihin. *Huwag masyadong magpapakatotoo, Chinchin*. Dahil ang totoong siya para sa iba ay mahirap intindihin at tanggapin.

She’d try, she definitely would. For now, she just really wanted to find out who this mystery guy was. Kapag nahanap na niya ito ay saka na niya iisipin kung paanong mag-relax. Dahil may posibilidad ding hindi ito gaya ng ibang lalaking nakilala niya.

CHAPTER *Three*

Present time...
P On the surface, Brody Medeiros was exactly the kind of guy her friends warned her about, over and over. Ilang beses na rin niyang hindi pinakinggan ang babala ng mga ito. Hindi praning ang mga kaibigan ni Chinchin—magagaling lang talagang bumasa ng karakter ng mga nakikilala nila. Alam niyang mahal na mahal siya ng mga ito at protective lang sa kanya.

But she's also the kind of person who always saw or at least, truly believe that people she liked even at first sight, deserved a chance to show their worth. Iyon nga lang, laging sablay ang judgement niya, dahilan para maging mas protective ang kaibigan

niya sa kanya.

Wala siyang ideya na si Brody at ang lalaking tumulong sa kanya noong isang linggo ay iisa lang. Ongoing pa ang pag-aasikaso niya ng mga papeles noon para ma-finalize ang pagsosyo niya sa *Sean and Cody's*. Sina Beckett at Vin din ang talagang kausap niya, at sa dalawang beses na dapat ay ka-meeting nila si Brody ay hindi ito nakakasama. Kapag tinatanong niya ang mga kaibigan nito ay parang laging may halong sarcasm o resignation ang tono ng sagot, na parang hindi approved sa mga ito kung anuman ang ibang pinagkakaabalahan ni Brody.

“These are really, really good, Chin. Sakto lang ang lahat, pati portions. Healthy but very satisfying,” nakangiting komento ni Beckett. Simot ang mga container sa harap nito.

“*Way awgwee! Wewy goosh!*” puno pa ang bibig na sang-ayon ni Vin, na nag-thumbs-up.

Hindi siya gaanong tumitingin sa gawi ni Brody. Halata kanina pa na parang hindi siya nito gusto. Baka hindi maganda ang gising nito bukod sa hindi nagustuhan ang post niya sa *Facebook*. Hindi muna niya ito kukulitin.

“Anyway, I plan to spend three or four days each week here to oversee things and help out. Puwede rin

akong maging consultant ng mga health conscious o may special dietary needs para matulungan sila sa pamimili at mabigyan ng tips sa pagluluto. Nakausap ko na rin 'yung chef n'yo sa café na si Manong Primo. Bukas ng umaga, io-orient ko sa handling at storage ang staff.” Noon siya tumingin kay Brody. “I hope you don't mind me fixing the schedule this way? Sa umaga lang kasi kadalasang puwede ang mga bagong staff habang kinukompleto nila ang requirements.”

He blinked. “No, not at all. Don't worry. Mukhang mas organized at focused ka kesa sa 'kin.” Bahagya itong ngumiti bago sinulyapan ang mga pagkain sa harap. “Masarap siya, by the way. Sakto lang ang portions at ang lasa.”

Tinaasan niya ito ng kilay. Pulos bawas lang ang mga container nito pero hindi naubos.

“I know I barely touched it.” Medyo namula si Brody. “I had a big breakfast before I went here. Plano kong ito ang kainin mamayang lunch.”

Tumango lang ang dalaga, nag-iingat at nakikiramdam pa rin. Bumaling siya kina Beckett at Vin. “Any more questions?”

“Wala na, boss!” nakangising sagot ni Vin, sabay tayo at iniligpit ang mga pinagkainan. Sumunod agad ang dalawa rito. Inilagay ni Brody ang mga

hindi nakain sa maliit na refrigerator sa pantry. Halatang umiiwas ito. Nalungkot naman siya. Was she that bad? Too forward, maybe? Weird?

“Galing mo, Chinchin! Parang kaya mong patakbuhin ito nang solo, ha. Samantalang kami, masyadong nasanay na magkakasamang nagpaplano at nagdedesisyon.” Tinapik ni Beckett ang likod niya bago iyon minasa-masahe.

Amused na nagpalipat-lipat ang tingin niya sa dalawang lalaki. They’re both very good-looking, funny, smart, and had always been nice to her. Madali siyang ma-impress sa mababait at masayahin, pero ewan kung bakit mas nakukuha ng supladong kaibigan ng mga ito ang atensyon niya.

“Don’t worry about Brody. May pinagdadaan lang kaya ganyan,” bulong ni Vin.

“But he’s generally a nice guy, masyado lang talagang protective sa privacy niya. Ayaw din niya na masyadong pinapansin,” dagdag ni Beckett.

“Gan’on? Eh, huwag na lang siyang makihalubilo sa ating mga tagalupa, di ba?” she pouted. The two men snickered in response. Sumulyap siya kay Brody na mukhang focused sa kung anong inaayos sa refrigerator bago iyon isinara. Nginitian niya ito nang matamis, parang nagulat naman ito at

nangunot ang noo.

“Dude, since teritoryo mo na ito, ikaw na ang bahalang mag-tour kay Chinchin sa store at kitchen,” suhestyon ni Beckett.

Siniko niya ito. “Ako na lang, baka busy pa siya.”

“Hindi siya busy. Nagpa-part-time na wedding planner nga siya, eh.” Nakakaloko ang ngiti ni Vin.

Brody’s cheeks reddened, and his jaw clenched. Bahagyang kinabahan si Chinchin nang humarap ito kay Vin, na sinalubong ang tingin ng kaibigan. Napakapit siya sa gilid ng mesa.

“I think what I do outside of this business shouldn’t be of interest to anyone,” he quietly said.

“When it gets in the way of how you do your job, it is very much our concern. Just saying.” Matamang minasdan ni Vin ang kaibigan.

Wedding planner? Sino ang ikakasal? Si Brody? Parang bumuway ang mundo niya sa naisip.

Pero kung si Brody ang ikakasal, hindi ba dapat mas understanding ang mga kaibigan nito? Nah, it’s probably not Brody’s own wedding, pero kanino? Mukhang source ng tension ang pagiging ‘wedding planner’ nito para sa dalawang kaibigan.

Ilang segundong parang nagsusukat ng tingin ang dalawa bago bumuntung-hininga ang mailap na

bagong business partner niya. “I’ll... I’ll make sure it doesn’t interfere as much with my work here. Dito talaga ang priority ko at alam niya iyan.”

Halatang hindi kumbinsido si Vin. “Yeah, whatever,” he shrugged. Bumaling ito kay Beckett. “We’re heading out to pick up more supplies. Wala ka na bang idadagdag sa listahang ibinigay mo?”

“Wala na,” mahinang sagot ni Brody bago tumingin sa kanya. “Let’s go!” Nauna na itong naglakad palabas ng opisina pero tinawag uli ni Beckett, na tumango rin sa kanya.

“Pag-usapan n’yo din kung kailan kayo pupunta sa farm. You have to check it out, man. Buti pa si Chef at ’yung mga driver natin, nakarating na doon kasama namin n’ung isang araw.”

Tumango si Brody. Nailing na tiningnan ni Chinchin ang dalawang lalaki na nginisihan lang siya. At least, the tension was out. Sumunod na siya kay Brody.

Naabutan niyang nasa isa sa dalawang veranda ng second floor ang binata at inaayos ang ilan sa mga nakasabit na halaman. May potted plants din sa flower boxes ng bawat veranda. Base sa samu’t saring amoy na pumupuno sa paligid na nakikipagtalo sa amoy ng varnish ay natitiyak niyang pulos herbs at

spices na maaaring gamitin sa pagluluto ang mga iyon.

“We plan to seat at most thirty people here. Puwede rin ito para sa mga maliliit na party o event kung may magkakainteres.” Iminuwestra nito ang mga nakatiklop pang mesa na gawa sa kahoy at mga silya at benches na kawayan o rattan ang gamit na materyal.

“We sourced them from small furniture makers and carpenters in Laguna, ’yung mga nakatira malapit sa fish farm. ’Yang mga painting, galing sa mga nagtitinda sa kalye, ipina-commission namin. Nothing here or in the main store came from big or popular businesses.”

“Isa iyan sa dahilan kung bakit halos hindi na ’ko nagdalawang-isip nang lapitan nina Beckett at Vin,” sagot niya at nilapitan ito. “Pagpalitin mo ng puwesto itong sage at basil. Mas kaya ng basil ang maraming araw, pero ang sage, mas okay siya pag partly shaded so ito ang isabit mo.”

Napakurap ito. “Oh, wow! Hindi ko alam ’yan. O hindi lang ako gaanong nakinig d’un sa nanay na binilhan ko sa Guiguinto.” Naiiling na sinunod nito ang sinabi niya. “Inayos ko lang siya according to what looks good in which place.” Maingat na

pinagpalit nito ng puwesto ang paso ng sage at basil. Mayroon ding coriander, oregano at mint sa flower box na okay lang maarawan.

Kinuha ng dalaga ang isang plastic spray bottle at winisikan ang mga halaman. “Twice a day din ang pag-spray at huwag lulunurin, ha. Before eight in the morning at five in the afternoon, mga gan’ung oras.”

“Okay, noted.” Matamang minasdan siya ni Brody. “I’m sorry, nasanay lang ako na kami lang lagi ng mga kaibigan ko. I’ve known Beckett and Vin for almost half of my life.”

Tumango siya at minasdan din ito. “May mga kaibigan din akong ganyan. We’ve been friends since kindergarten. As in more than two decades na nila ’kong pinagtitiyagaan,” ngiti niya.

Bahagyang umangat ang isang kilay nito. ‘Really? Pinagtitiyagaan? Were you the black sheep or something?’

Natawa siya nang mahina. “Sana nga black sheep na lang, but nah. Far from it. More like eccentric. Weird. ’Yung tipong ikakahiya siguro ng iba.”

Nangunot ang noo nito, parang iniisip kung seryoso siya.

“Weird as in wala akong pakialam na nagmukhang katawa-tawa, tanga o pagdudahan

na may sakit sa utak dahil sa mga trip ko sa buhay. Like how I dress or put on makeup according to a theme based on my mood or where I'm going. Para akong laging nagko-cosplay. Binabati ko kahit 'yung mga aso o pusang kalye na nasasalubong ko sa daan. Pinapangalanan ko ang mga tanim kong halaman. I've actually just given names to your herbs in my head now.”

Brody stared at her like she just grew a unicorn horn.

“Hindi ako nag-jo-joke. Sinasabi ko lang para hindi ka na mabigla. Nasabi ko na rin 'yan kina Beckett at Vin at Chef Primo at sa mga driver.” Humakbang siya palapit dito.

“You don't have to like what and who I am, but I thought it's best that people are aware. Ayoko rin ng paliguy-ligoy o passive aggressive. Sanay ako na sinasabi kung ano ang naiisip at nararamdaman ko. It's just a matter of how or when I say it. Ayoko kasi ng plastikan, ng traydor. Betrayal is one of the worst things one can go through,” paliwanag pa niya, hindi inaalís ang tingin kay Brody na magkahalo ang pagkamangha at hindi pagkapaniwalang nakatitig sa kanya.

Napangiti siya, sanay na siya sa ganoong

reaksyon. “Pero nakikinig naman ako. I think twice or thrice, hindi ako basta magdedesisyon. Usually, madali akong kausap, puwera kung alam kong mas tama ako.” Inilahad uli ni Chinchin ang kanyang kamay sa kaharap. “Can we start again? As your new business partner this time, hindi iyong babaeng nahimatay na tinulungan mo last week.”

Sinulyapan ni Brody ang kamay niya bago bumalik ang tingin sa kanyang mukha. Medyo nangungunot pa rin ang noo nito, parang windang sa pinagsasabi niya.

Mahinang napasinghap siya nang mayamaya ay tanggapin ni Brody ang kamay niya. Inasahan niyang hindi iyon tatagal ng two seconds at bibitawan din agad gaya kanina, pero hindi iyon nangyari.

Her heart began to thump faster as she realized Brody was really holding her hand. His gaze also didn't falter since she stepped closer. Gaano na ba iyon katagal? Hindi niya alam kung bakit nakatitig din lang siya rito. Dapat ay nagtatanong na siya kung ano ang nangyayari, pero para siyang nawawala literally.

Lost in those soulful eyes that she now noticed actually looked sad and wary. Parang ang lalim ng lungkot nito, parang may mabigat na dinadala. His

eyes were the exact opposite of the quiet, sensual beauty that was his face and his body.

Damay talaga pati katawan, Chinchin? But how could one not notice how his shirt clung to his torso? How his jeans worshipped the rest of his limbs? Alam na niyang kaya siya nitong buhatin kahit almost fifty kilos ang timbang niya. What she also noticed was how despite being tall he was also somewhat graceful. She wondered if he played soccer or tennis...

“I’m sorry about how I behaved earlier,” his voice broke into her thoughts. She blinked, he smiled faintly. “You’re welcome here, Chinchin. Very much so.”

Hindi pa rin siya makapaniwala sa pagbabago ng timpla nito. Sigurado siyang halata ni Brody ang pagdududa niya. Hindi pa rin siya nito binibitawan.

And she didn’t mind. His hand practically clasping hers felt good. “Sorry din sa panawagan ko. Gusto ko lang talagang magpasalamat nang personal. Iyon lang ang paraan para magawa ko, and... well, I guess I just got handed the chance to really thank you. Hindi ako magiging epal at suwapang na partner, promise.” Itinaas pa niya ang kaliwang kamay.

Brody just stared at her for several more seconds before his lips curved into a smile. Those luscious pinkish lips, and his eyes! Parang nawala na ang lungkot na nakita niya roon kanina. May kislap na roon ngayon kasabay ng ngiti nito.

“So, okay na tayo? We’re friends? Partners?”

She cleared her throat, and gazed at him from beneath her lashes as a smile played upon her lips. “I’ll be anything you want me to be, babe,” she drawled seductively.

Napakurap ang kaharap niya bago natawa. Malakas at buhay na buhay. Nabitawan tuloy ni Brody ang kamay niya, pero kumapit din agad sa braso niya. His eyes sparkled.

“Good one,” he grinned.

“Seryoso ako,” nang-aakit pa rin ang boses na sabi niya. Kinakabahan pa rin siya.

Brody just smiled in response, his eyes still sparkled. The thick wall of ice had just been scaled and broken down.

“Brody? Nand’yan ka ba?”

CHAPTER *Four*

And just like that, the spell was gone. Nagulat na parang natuliro ang kaharap niya na bumitaw ito at napaatras kasabay ang pagbaling sa direksyon ng hagdanan kung saan may maingay na paakyat.

A tall, beautiful woman with delicate features and stunningly shiny long straight hair, in a loose white top with ruffled sleeves and cropped micro shorts. Nakasuot ito ng five-inch wedge sandals.

“Hey, you’re ready?” Humalik sa pisngi ni Brody ang bagong dating. Kumapit muna ito sa braso ng partner niya bago siya tiningnan.

Sumulyap sa kanya si Brody bago ipinako ang tingin sa babae. “Tish, this is Chinchin, our new

business partner. Chin, this is... Tish.”

Tish who? Hindi girlfriend, kasi kung ako ang girlfriend ng lalaking ito, mala-tarsier o koala na ang kapit ko sa biceps. Kinagat niya ang dila para mapigilang mapangisi sa naisip. “Hi, nice to meet you.” Iniabot niya ang kamay na tiningnan lang ng babae. Tumingin din ito sa kanya na parang tahimik siyang inuutusan na ilayo na ang kamay niya dahil hindi nito tatanggapin. Too bad, she’s been dealing with queen bitches since grade school that she already mastered subtly putting them into place. She held out her hand for several seconds more, keeping the sweet smile on her face until she noticed Brody silently urging the dark goddess beside him to take her hand.

Pero umabot na ng seven seconds ang bilang niya kaya binawi na niya ang kamay. At least, malinaw na kung sino ang mas asal-tao sa kanilang dalawa ng bruhan for some reason ay may problema sa kanya. Tumingin siya kay Brody na mukhang hindi na komportable.

Poor guy, caught between some possibly minor deity and me... Medusa. “May pupuntahan ba kayo?”

“None really, I just—”

“We’re going to see my designer, remember?”

Takang tiningnan ni Brody ang katabi. “Ngayon ba ’yon?”

Tish rolled her eyes. “Yeah, let’s go?”

Parang alangan pa ang lalaki, pero tumango lang siya at tinapik ito sa braso. “It’s okay, bukas na lang uli sa orientation with the staff.”

“But we’re going to Nasugbu tomorrow to check out the venue and hotel,” Tish pouted.

Pinanatili niya kay Brody ang tingin na halatang nahihiya na. “Alright, sa Saturday na lang when we visit the farm with Beckett and Vin?”

Wala agad naisagot doon si Tish. Mukhang ito ang ikakasal kung saan feeling wedding planner si Brody, at hindi rin gusto ng babae ang mga kaibigan nito.

“Yeah, sure. Saturday,” parang nalilitong sang-ayon ni Brody na halos hilahin na ni Tish palayo.

“Bye! Ingat!” pahabol na sigaw niya, sabay kaway bago nailing na bumalik sa opisina. Hihintayin muna niyang makabalik sina Beckett at Vin bago bumaba. Then she’d ask for Brody’s number and what on earth his story was.



Napabuntung-hininga si Brody kasabay ng pagsandal sa kinauupuan sa bus at pag-angat niya ng

armrest. Sa tabi ng bintana ang puwesto ni Chinchin pero naunahan pa rin siya nito sa pag-aabot ng bayad sa konduktor.

It's the second Saturday of March, three days since he saw again the woman beside him and realized he couldn't simply just get rid of her. Pangatlong pagkikita na nila ito simula noong Miyerkules. Nakahabol pa kasi siya sa orientation ng mga empleyado nila kinabukasan at naabutang masayang nakikipagkuwentuhan sa mga ito ang babae.

“Hey, guys! It's your real boss in the house! Magbigay-pugay!” nakangising anunsyo nito nang makaakyat siya sa second floor. May mahabang mesa ng mga pagkain at inumin sa tabi ni Chinchin at doon siya dumerecho matapos bumati sa mga bagong makakasama sa trabaho. Halos paubos na ang mga nasa serving trays doon. Kumuha siya ng plato at nilagyan iyon ng mga tira. It's past three in the afternoon and he's starving. Ang huling kain niya ay kanina pang alas diez, brunch with Tish at some uber expensive café.

Agad siyang nagsubo ng maki at potato wedge, at nagpasalamat sa isang driver nila na inabutan siya ng bottled iced tea.

“Kain lang, Brody.” Medyo nangungunot ang noo ni Chinchin habang nakatingin sa kanya.

Tinanguan lang niya ito, tahimik na nagpapasalamat na hindi ito nagtatanong dahil hindi rin niya alam kung paano magpapaliwanag. He’s had enough flak from his friends about what he’s been doing, and he’s not sure he wanted to hear more from someone he just met. Alam niyang mali at pathetic ang ginagawa niya pero kailangan.

“You know, kung busy ka pala this Saturday, sabihin mo lang. Hindi ko intensyon na i-pressure ka kahapon. Gumana lang ang pagka-OC ko sa schedule.”

Tuluyan na siyang napatingin sa katabi, busy pa din sa pagnguya. Inubos muna niya ang kinakain bago uminom. Nginitian niya ito, sandaling nagtaka dahil hindi siya palangiti. What the hell...?

“Walang problema sa ’kin sa Sabado. I can go to the farm. I have to, anyway. At plano ko ding kumuha n’ung toasted pastillas at salted egg chips na ipinapaconsign daw sa café ninyo? Binigyan ako nina Vin n’ung nabili nila d’un nang pumunta sila. Those were really good.”

Nangislap ang mga mata ng dalaga. “Baka ma-meet mo ’yung ilan sa mga nanay na gumagawa

ng pastillas at salted egg chips. Galingan mo ang pagpapa-cute para malaki ang discount mo.”

“Gan’un ba ginawa nina Beckett at Vin kaya ang dami nilang dala? Ang mahal ng mga ’yun dito.”

“You should have seen them turn on the charm,” she chuckled. “At kung paanong naging heart-shaped ang mga mata nila when they saw fresh batches of those goodies.” Tinapik nito ang braso niya. “I’m sure you can beat them.”

Kaya heto sila ngayon sa isang air-conditioned passenger bus na biyaheng Baliuag, Bulacan. Dadaan iyon sa isang baranggay sa Plaridel kung saan sila bababa. Sasabihin sana niya noong huling magkita sila na sasakyan na lang niya ang dalhin, pero nag-suggest si Chinchin na mag-bus na lang sila para pareho silang relaxed kahit papaano sa biyahe. Pumayag siya agad, dahil halos araw-araw na siyang abala sa pagda-drive these past few weeks.

Still, he was used to being the one who always took care of others. Hindi siya sanay na ginagawan ng pabor at inililibre kahit sa pamasaha.

“Ibili mo na lang ako ng tubig mamaya pag huminto tayo sa SM North o sa SM Balintawak. At n’ung mga itinitinda ng mga umaakyat.”

Napabaling si Brody sa katabi. Simula nang

makilala niya ang babae, ngayon lang niya ito nakitang nakataas ang buhok. She looked younger and more radiant, her huge cat eyes seemed bigger.

“Bakit? Maselan ka ba? Bumibili kasi ako lagi ng mga tinda sa bus. Suporta ko sa pagpili nilang kumita sa marangal na paraan,” nakaangat ang isang kilay na sabi nito.

Napakurap siya. “Ako din, I mean, bumibili din ako ng mga tinda sa bus for the same reason. At dahil naranasan ko din ’yun n’ung high school ako. Sa terminal lang ako nagbebenta noon, pero nakatulong din kahit papaano at nakaipon kahit konti.”

Halatang hindi nito inaasahan ang sinabi niya. “Wow! Ayos, ah.” Her smile was wistful. “Ang galing naman. Hindi ko ma-imagine kung kaya kong pagsabayin ang pag-aaral at pagtatrabaho.”

“Pero kaya mong magsabay ng mga negosyo ngayon.”

“May partners din ako sa *Delish*.” Siniko siya nito. “Uy, may paakyat. Ilibre mo na ’ko ng tubig at mani, padagdagan mo ng bawang, please.” Kumurap-kurap pa ito at nag-pout, parang nagpapa-cute na nang-aasar. Nasamid at natawa siya bago kinawayan ang mga nagtitinda.

Over fried peanuts and ice cold water, they talked about their business, the tedious process of starting a new branch, their new employees and even Beckett and Vin. Pati ang kani-kanyang background sa negosyo at nakaraang mga trabaho ay napag-usapan nila. Mga bagay na hindi niya inasahang magiging ganito kainteresante ngayon kahit pa iyon na ang buhay niya.

Chinchin seemed perpetually curious, eager to learn and absorb even the tiniest information and listen with rapt attention. May mga pagkakataong naiilang siya sa tingin nito at hindi niya alam kung bakit. Women had looked at him the way she did, including Tish, but something about the intensity and earnestness in her wide-eyed gaze made all the difference.

“Pag may umakyat na vendor ng penoy, ibili mo ’ko ng five o six pieces, ha. Favorite ’yun ng mga tito kong senior. Pinipig din kasi gagawin kong topping sa homemade ice cream. Chicharon din, please.”

Binili niyang lahat ang hiniling nito. Naaliw siyang parang excited lagi ang katabi tuwing ibibigay niya rito ang mga nabili, gayong every weekend siguro ay nabibili naman nito ang mga iyon tuwing umuuwi sa Bulacan. Ito ba ang sinasabi nitong

pagka-weird daw na nakakahiya? But she's kind of adorable!

Natigilan ang lalaki. Bakit parang may nababago o nangyayari na hindi niya alam?

“Okay ka lang, Brody? Nahihilo ka ba? Nasusuka? Don't worry, malapit na tayo.”

He pursed his lips. “Hindi, ah.”

Tinaasan lang siya ng kilay ng katabi bago nito inayos ang mga dala. Dumerecho rin siya ng upo. Ilang minuto lang ang lumipas ay pumara na si Chinchin. Bumaba sila sa kanto ng isang highway, at kaaalis lang ng dalawang tricycle na nakapila.

“Malayo pa ba? Okay lang sa 'kin na maglakad. Hindi naman gaanong mainit,” suhestyon niya. Ilang saglit na tiningnan siya ng dalaga bago nito kinuha ang payong sa bag at ibinigay sa kanya. Binuksan niya iyon, hinagip ang isang kamay ng kasama at sabay na silang naglakad.

Derecho ang tingin niya pero ramdam niya ang gulat ng katabi. Didn't anybody hold her hand? “Mabilis ka kasing maglakad,” simpleng paliwanag niya at pinisil ang kamay nito.

Hindi na sila gaanong nag-usap habang naglalakad maliban kung may itinatanong siya sa kasama. Parang may iniisip kasi si Chinchin habang

kontento na siyang ine-enjoy ang sariwang hangin at ang mga nakikita na pulos berde.

Palapit na sila sa isang hilera ng mga bahay nang muling magsalita ang kasama niya. Mahina ang boses nito pero hindi niyon naitago sa kanya ang pag-aalangan at lungkot.

“Malapit na tayo. Puwede mo na ’kong bitawan.” Hinila nito ang kamay. “Baka may makakita sa ’tin at akalain nilang boyfriend kita. Nakakahiya naman sa ’yo.” Noon siya nito tiningnan, nakangiti pero kulang sa kislap ang mga mata.

“Well, uh, okay.” Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. But he felt an urge to make her feel better. Chinchin Orozco was no good actress. Her eyes easily betrayed her. Something was up.

“Alam mo naman sa probinsya.” Napailing ito. “N’ung dinala ko nga dito sina Beckett at Vin, tinanong agad ako kung sino sa kanila ang boyfriend ko.”

Napangiti na rin siya. “Sabihin na lang natin sa kanila na taken na ’ko para hindi ka kulitin,” he offered.

She blinked, and for some reason, her eyes looked sadder. “Are you? Taken, I mean?” tanong nito bago mahinang natawa at ikinumpas ang kamay.

“Never mind, hindi mo kailangang sagutin. Isara mo na ’yang payong, liliko na tayo doon,” turo nito sa isang maliit na kalyeng pakanan. Maraming puno roon.

Tahimik na isinara at itiniklop ng binata ang payong bago ibinalik kay Chinchin. Buti na lang hindi nito ipinilit ang huling tanong. Was he taken? He didn’t know how to answer either way.